# Allowance ng mga guro sa Quezon City, itinaas

Mula P1,000 monthly allowance, aabutin na ito ngayon sa P1,500 na matatanggap ng mga guro sa Quezon City.

Ito ay makaraang aprubahan ng QC Council sa pangunguna ni QC Vice Mayor Joy Belmonte ang Ordinance No. 2751 na nagtataas ng monthly allowance sa mga guro at empleyado ng mga pampublikong paaralan sa lungsod.

"The approval of the ordinance is timely since we know everyone is tightening their belts due to rising prices. Here in Quezon City, we want to make sure our public school teachers now have a higher allowance for their expenses," ani Belmonte.

Ang naturang ordinansa na iniakda nina Councilor Alyson Medalla at Raquel Malañgen.

Ang pondo na gagamitin para dito ay magmumula sa general fund ng QC.

Nakasaad sa ordinansa na ang pagtataas ng allowance ng mga public school teachers sa QC at mga empleyado ng mga pampublikong paaralan sa lungsod ay batay sa hangarin na bigyan ng kaukulang insentibo ang mga nabanggit sa kanilang dedikasyon sa trabaho at pagtupad ng maayos sa kani-kanilang tungkulin.

"If we want quality education, we need to take care of our teachers. Part of that is making sure we are helping improve the social and economic status of our public school teachers and staff," pahayag ni Belmonte.

Bukod sa naaprubahang ordinansa, QC Council ay binubusisi naman ang panukalang pagtataas sa longevity pay mula P200 hanggang P300, pati na rin ang pagtaas ng quarterly allowance ng bigas mula P1,500 hanggang P2,000 para sa mga guro at empleyado ng mga paaralan. *(Angie dela Cruz)*